


AYON KAY ALBERT MEHRBIAN (1971)

93% ng mensaheng ipinahahatid ng tao sa kanyang kapwa ay di – verbal na komunikasyon.

VERBAL

“Nasa paraang Pasulat at Pasalita”

- Ito ay isang pormal o intelektuwalisadong kapamaraanang sumasa-ilalim sa estruktura ng wika. Tuntunin nito na maipahayag ang mensahe o kaalamang nais iparating sa anyong pasulat o pasalita.
- Ito ay ginagamitan ng wika o salita at mga letrang sumisimbolo sa kahulugan ng mga mensahe.



AYON KAY E. SAPIR

Ang di – verbal na komunikasyon ay isang detalyado at lihim na kodigo na hindi nakasulat ngunit nauunawaan ng lahat.

DI-VERBAL

“Gumagamit ng Kilos o Galaw ng Katawan”

- Ito naman ay isang karaniwan at lahat ng uri o kapamaraan ay ginagamit upang ipahayag ang mensahe, ng hindi ginagamitan ng salita o titik.

Iba’t Ibang Anyo Ng Di-Verbal Na Komunikasyon


1. Kinesika (Kinesics)

Pag – aaral ng kilos at galaw ng katawan. May kahulugan ang paggalaw na iba’t ibang bahagi ng ating katawan. Hindi man tayo nagsasalita, ngunit sa pamamagitan ng ating kilos ay naipapahiwatig naman natin ang mensaheng gusto nating iparating sa iba.

Galaw ng Katawan na ginagamit sa Di-verbal na Komunikasyon

a. Ekspresyon ng Mukha
"Nagpapakita ng Emosyon"

Nagpapahayag ng pagiging masaya kung siya ay naka ngiti, malungkot kung umiiyak, nakasimangot kung galit o naiinis, tulala kung naguguluhan o nabigla at ang ultimong paglabas ng dila ay may mga kahulugang ipinapahayag.



Galaw ng Katawan na ginagamit sa Di-verbal na Komunikasyon

d. Tindig o Postura


Tindig pa lamang ng isang tao ay nakapagbibigay na ng hinuha kung anong kalseng tao ang iyong kaharap o kausap.



Galaw ng Katawan na ginagamit sa Di-verbal na Komunikasyon

b. Galaw ng Mata

Nagpapakita ng katapatan ng isang tao, nag-iiba ang mensaheng ipinahahayag batay sa tagal, direksyon at kalidad ng kilos ng mata.



Iba't Ibang Anyo Ng Di-Verbal Na Komunikasyon


2. Proksemika (Proxemics)
"Pag-aaral ng komunikatibong gamit ng espasyo"

Pag-aaral ng komunikatibong gamit ng espasyo, isang katawagang binuo ni Edward T. Hall (1963), isang antropologo. Maaaring ang mga kalahok sa komunikasyon ay nasa pampublikong lugar tulad ng isang nagtatalumpati sa harap ng kanyang mga estudyante o maaari ring isang karaniwang pag-uusap sa pagitan ng dalawang magkaibigan.

Galaw ng Katawan na ginagamit sa Di-verbal na Komunikasyon

c. Kumpas
"Galaw ng Kamay"

Ang kamay at ang galaw ng katawan ay maraming bagay at kapamaraanang magagawa katulad ng pagsenyas, pagsang-ayon o pagtutol, magpakita ng kasiyahan o papuri, pananakit, paghingi ng paumanhin o makikipag-alitan, mga pagpapakita ng karamdamang pisikal, emosyonal at marami pang iba. Ang anumang sinasabi ng isang tao ay naipahahayag na may kasamang kumpas at nakatutulong ito sa mabisang paghahatid ng mensahe.



Tatlong uri ng Kultural na Oras

a. Teknikal o siyentipikong oras
- Eksakto.

b. Pormal na Oras
- Nagpapakita ng kahulugan ng kultura. Halimbawa, sa kultura ng ating oras, hinahati ito sa segundo, minuto, oras, araw, linggo, buwan at taon.

c. Impormal na Oras
- Ay medyo maluwag sapagkat hindi ito eksakto.

Sikolohikal na Oras

Tumutukoy sa kahalagahan ng pagtatakda ng oras sa nakaraan, kasalukuyan at hinaharap.

Ang oryentasyon sa oras ng mga tao ay nakasalalay sa kanilang kalagayan o katayuang pansosyo-ekonomiko at personal nilang karanasan.

Nagkakaiba-iba rin ang pananaw sa oras na bunga ng pagkakaiba-iba ng kultura na kung minsang nagiging sanhi rin ito ng di-pagkakaunawaan o pagkaputol ng komunikasyon.

Iba't Ibang Anyo Ng Di-Verbal Na Komunikasyon

5. Katahimikan/Hindi Pag-imik

- ❑ Ang pagtahimik o hindi pag-imik ay nagbibigay ng oras o pagkakataon sa tagapagsalita na makapag-isip at bumuo at mag-organisa ng kanyang sasabihin. Sa pagtahimik o di pag-imik, inihahanda ng tagatanggap ang mahalagang mensahe na sasabihin pa ng tagapagsalita.
- ❑ May mga taong ginagamit ding sandata ang katahimikan para masaktan ang kalooban ng iba.
- ❑ Ginagamit din itong anyo ng pagtanggap o pagkilala sa kakaibang damdamin ng isang tao sa ibang tao.

Iba't Ibang Anyo Ng Di-Verbal Na Komunikasyon

3. Pandama o Paghawak (Haptics)

Ito ay isa sa pinaka-primitibong anyo ng komunikasyon. Minsan, ito ay nagpapahiwatig ng positibong emosyon. Nangyayari ito sa mga taong malapit sa isa't isa gaya ng mga magkakaibigan o magkakapalagayang-loob.

Halimbawa:

- Pagyakap
- Paghaplos

Iba't Ibang Anyo Ng Di-Verbal Na Komunikasyon

6. Kapaligiran

- ❑ Nagsisilbing komunikasyong di-verbal sapagkat ito ay kailangan ng tao upang maganap ang interaktibo at komunikatibong gawain sa buhay.
- ❑ Ang pagdarausan o lugar na gagamitin sa anumang pulong, kumperensya, seminar at iba pa ay tumutukoy sa uri ng kapaligiran.
- ❑ Ang kaayusan ng lugar ang magsasabi kung pormal o di-pormal ang magaganap na pulong, kumperensya o seminar.

Iba't Ibang Anyo Ng Di-Verbal Na Komunikasyon

4. Paralanguage - Mga di-linggwistikong tunog na may kaugnayan sa pagsasalita

- Tumutukoy ito sa tono ng tinig (pagtaas at pagbaba), pagbigkas ng mga salita o bilis ng pagsasalita. Kasama rin sa bahaging ito ang pagsutsot, buntung-hininga, ungol at paghintong.
- Ang anumang sinasabi natin o mensaheng nais nating ipahatid ay kailangang angkop sa pagbigkas ng mga salita o pangungusap.



AYON KAY MELBA PADILLA MAGGAY (1971)

Ang kaanyuang pisikal ng tagapagsalita ay maaaring makatulong sa mensaheng nais niyang iparating.

- ❑ Ang mga Pilipino ay may sariling pakahulugan sa mga pisikal na kaanyuan ng tagapagsalita at makikita ito sa mga pananaliksik nina Covar, Peralta at Racelis, Hernandez at Agcaoili, at Medina.

Ilang Pisikal na Kaanyuan:

- a. Kulot ang buhok - Matigas ang ulo
- b. Malapad ang noo - Marunong
- c. Makitid ang noo - Hindi matalino; Makitid ang pananaw sa buhay
- d. Magatla o malinyang noo - Maraming suliranin
- e. Salubong ang kilay - galit; masungit; naiinis; matapang
- f. Nangungusap na Mata - inaantok; mapangarapin; may gusto
- g. Malaking tainga - Mahaba ang buhay
- h. Matangos ang ilong - Tisoy
- i. Nakangangang bibig - Nagulat
- j. Nunal sa labi - madaldal
- k. Mahabang dila - Naglulubid ng balita
- l. Ngiting aso - Taksil o masama ang pakay
- m. Bumagsak ang mukha - Napawi ang tuwa
- n. Mukhang maamo - mabait